# Pagdarasal Kasama si Zara

**Ni Sherrie Gavin**
Batay sa tunay na buhay

Isang araw ng tag-init, inanyayahan nina Reesey at Cheyenne si Zara na maglaro. Naghanda ng meryenda si Inay. Naupo na sa mesa ang mga bata para kumain.

Naghiwa si Inay ng mga manggang pinitas mula sa puno nila. Inilagay niya ang hiniwang mga mansanas at ubas sa isang plato. Tiningnan ni Reesey ang masarap na pagkain. Naalala niyang magdasal muna bago kumain ng meryenda. Tinanong niya si Zara, "Nagdarasal ba kayo sa bahay ninyo?"

"Ano 'yon?" tanong ni Zara.

"Ganito," sabi ni Cheyenne. Humalukipkip siya at yumuko. Hiniling niya na mabasbasan ang pagkain. Pagkatapos niyang magdasal, sabi niya, "Nakita mo? Ganyan. Madali lang!"

"Hindi namin ginagawa 'yan sa amin. Kumakain na lang kami," sabi ni Zara.

Hinding-hindi naisip ni Reesey na *hindi* magdasal. "Inay," sabi niya, "puwede po ba nating itigil ang pagdarasal?"

Ngumiti si Inay habang dala ang mga tasa ng malamig na tubig para ipatong sa mesa. "Gusto nating pinasasalamatan ang Ama sa Langit sa naibigay Niya sa atin. Patuloy tayong magdarasal. Pero OK lang kung hindi nagdarasal ang ibang tao."

Alam ni Reesey na tama si Inay. Siya *ay* masaya kapag nagdarasal ang kanyang pamilya. Siguro magiging masaya rin si Zara sa pagdarasal. "Maaari ninyo itong subukan," sabi niya kay Zara. "Mabuti ang mga panalangin."

"Masaya ako kapag nagdarasal kami," sabi ni Cheyenne."Pakiramdam ko nakangiti ako sa aking kalooban."

Ngumiti si Zara. "Siguro gagawin ko ito," sabi niya at kumain ng isang hiwa ng mangga.

Masaya sina Reesey at Cheyenne na nasasabi nila sa kanilang kaibigan ang tungkol sa pagdarasal. Tinapos nila ang kanilang meryenda at tumakbo na sa labas para maglaro. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Queensland, Australia.*

PAGLALARAWAN NI PETER FRANCIS/MB ARTISTS

